


ACTIVITY

A. Pagtugmain ang salita at larawan. Gumuhit ng linya na magdudugtong dito.



bahaghari (rainbow)	Noah	bundok (mountain)	pagkain (food)
daigdig (Earth)	barko (ark)	uwak (raven)	altar (altar)

B. Lagyan ng check ✓ ang kahon kung ang pangungusap ay tama at ekis ✗ kung mali. Kung mali banggitin ang salitang nagpamali dito.

- Dumami ang tao sa mundo at puro kabutihan ang kanilang nasa isip.
- Si Noah ay kalugod-lugod sa Diyos sapagkat namumuhay siya ng ayon sa kalooban ng Diyos.
- Inutusan ng Diyos si Noah na gumawa ng isang malaking barko.
- Nagsakay si Noah ng isang lalki at babae ng bawat uri ng hayop at ibon sa barko.
- Bumalik ang uwak na may dalang dahoon ng olibo.
- Pinalitaw ng Diyos ang isang bahaghari bilang tandan a hindi na Niya wawasakin sa pamamagitan ng baha ang lahat ng may buhay.

C. Kulayan ang larawan.



Ang pagtitiwala at pagsunod sa salita ng Diyos ay magliligtas sa atin sa kapahamakan gaya ng nabasa natin sa kuwento ni Noah. Ang pagtitiwala at pagsunod sa salita ng Diyos ay mabuti. Nasisiyahan ang Diyos sa tuwing gingawa natin ito. Ang pagtitiwala at pagsunod sa Diyos ay magbubunga ng tamang pagkilos.



D. Memory Verse

O Panginoong makapangyarihan, mapalad ang taong nagtitiwala sa inyo.

Mga Awit 84:12